Programa sa Mabilis na Pagtanggal ng Graffiti

Pormularyo ng Awtorisasyon at Pagpayag

(Paki-kumpleto ang pormularyo nang malinaw gamit ang printed na teksto)

PANGALAN NG MAY-ARI NG ARI-ARIAN: _____

NUMERO NG TELEPONO NG MAY-ARI NG ARI-ARIAN: _____

E-MAIL NG MAY-ARI NG ARI-ARIAN: _____

*Impormasyon ng ari-arian: Itala ang mga address ng ari-arian nang isa-isa at gumamit ng ibang pormularyo kung ikaw ay may higit sa tatlong ari-arian.

Tsekan ang box kung meron kang graffiti sa iyong ari-arian	ADDRESS NG ARI-ARIAN	TACOMA, WA	ZIP CODE
☐		TACOMA, WA	
☐		TACOMA, WA	
☐		TACOMA, WA	

Kinikilala ng nakalagda sa ibaba na siya ang may-ari o ang awtorisadong kinatawan ng may-ari ng ari-arian na tinukoy sa itaas at ipinapahayag na:

Hinihiling ko at pinahihintulutan ang Lungsod ng Tacoma, o ang kontraktor nito, sa ilalim ng Rapid Graffiti Removal Program na pumasok sa aking ari-arian, kung kinakailangan, upang tanggalin ang graffiti sa (mga) lokasyon sa itaas. Nauunawaan ko na ito ay sa pagpapasya lamang ng Lungsod o ng kontraktor nito, pati na rin sa kung anong palakad o paraan ang gagamitin sa pagtanggal ng graffiti sa aking ari-arian. Hindi ko papanagutin at palalayain ang Lungsod ng Tacoma, ang mga opisyal, empleyado, ahente, kontraktor at volunteer nito mula sa alinman at lahat ng pananagutan, paghahabol, kahilingan, mga sanhi ng aksyon o anupaman, nalalaman o hindi nalalaman, direkta o hindi direkta, na magmumula sa o kaugnay ng pagpasok sa aking ari-arian para sa layunin ng pagtanggal ng graffiti ayon sa Rapid Graffiti Removal Program kabilang, walang limitasyon, lahat ng paghahabol sa pananagutan o kahilingan para sa personal na pinsala, kamatayan at pinsala sa ari-arian, sa hitsura o kondisyon ng ari-arian.

Kinikilala ko na ang pahintulot na ito ay may bisa mula sa petsa ng pagpirma hanggang Enero 1, 2025 maliban na lang ibenta ko ang ari-arian sa itaas bago ang petsang iyon. Sa oras ng pagkakabenta, aabisuhan ko ang Lungsod upang makuha ang bagong pahintulot mula sa nakatalang may-ari.

Dagdag pa rito, nauunawaan ko na ito ay isang proyekto na isinagawa sa pagpapasya ng Lungsod ng Tacoma o ng Kontraktor nito. Ang pagtanggap nitong papel ng pahintulot ay hindi nagtitiyak ng serbisyo at nakadepende kung may magagamit na pondo. Sa ilalim ng Tacoma Municipal Code, ang may-ari ng ari-arian ang responsable sa pagtanggal ng graffiti mula sa kanilang ari-arian.

Aking kinikilala na ako ang tunay na nagmamay-ari ng ari-arian o ang awtorisadong kinatawan, at ganap na ipinapahayag na ang impormasyong ito ay tama at totoo, at binibigyan ang Lungsod ng Tacoma ng kakayahan na isagawa ang kahilingan na ito.

I-PRINT ANG PANGALAN: _____

May-ari ng Ari-arian o Awtorisadong Kinatawan

PIRMA: _____ **PETSA:** _____

May-ari ng Ari-Arian o Awtorisadong Kinatawan

Paki-kumpleto at i-email ang pormularyo ng awtorisasyon na ito sa graffiti@cityoftacoma.org

*Tanging ang mga ari-arian sa loob ng Lungsod ng Tacoma ang ikukunsidera sa paglahok sa programang ito.